



Nakaraan na ang dalawang buwan  
mula ng ikaw ay nagpasuri para sa TB...

## **ORAS NA PARA SA IYONG** *Pansunod na Pagpapasuri ng TB*

***Kung negatibo ang resulta ng pagsusuri sa akin sa unang pagkakataon, bakit kailangan akong muling magpasuri?***

Ang katawan ay nangangailangan ng mga ilang linggo bago makatugon sa pagsusuri para malaman kung may TB\* matapos na makalanghap ka ng mga mikrobyo ng tuberkulosis.

Lubhang mahalaga na magpasuri kang muli 2 o 3 buwan pagkaraan ng huli mong pakikisalamuha sa isang taong maaaring makahawa.

Kung negatibo ang resulta nitong pangalawang pagsusuri, malamang na wala kang impeksyon ng TB.

Ang mga taong mahina ang sistemang panlaban sa sakit (katulad ng mga mayroong HIV/AIDS, cancer, diabetes, atbp) ay maaaring hindi positibo ang resulta ng pagsusuri bagamat mayroon impeksyon. Ipaalam sa iyong mangagamot kung mayroon kang sakit na katulad ng mga nakasabi dito.

Kung positibo ang resulta nitong pangalawang pagsusuri, ikaw ay talagang may impeksyon ng TB. Kailangan mo rin ng x-ray sa dibdib para malaman kung mayroon kang TB sa dibdib. Maaari kang gamutin para sa impeksyong ito.

Pumunta ka sa iyong manggagamot o sa klinika para sa iyong ikalawang pagsusuri. Ipa-alam sa kanila na may nakasama kang taong may sakit na TB at kailangan mo ng pangalawang pagsusuri.

*Kung mayroon kang mga katanungan, mangyaring tawagan ang iyong nars ng pampublikong kalusugan o tawagan ang Programa sa TB ng Kagawaran ng Kalusugan sa (619) 692-8631 o ang Nars ng araw na iyon.*

Nars ng Pampublikong Kalusugan: \_\_\_\_\_

Numero ng Telepono: \_\_\_\_\_

*Maaaring kuwalipikado ka sa mga benepisyong Medi-Cal. Ang mga taong may impeksyon ng TB o may sakit na TB ay maaaring maging kuwalipikado rin sa TB-Cal. Upang malaman kung nararapat kang tumanggap ng mga benepisyo at upang humiling ng pakete ng kaalaman at aplikasyon, mangyaring tumawag sa 1-858-514-6885. Tinatanggap ang mga tawag na "collect."*

*\*Pagsusuri sa TB: Maaaring nagpasuri ka sa balat o sa dugo upang malaman kung mayroon kang impeksyon sa TB.*



It's been two months since you had your TB test...

# IT'S TIME FOR YOUR *Follow-up TB Test*

## *If I had a negative TB test the first time, why do I need another one?*

After you have breathed in tuberculosis germs, it takes the body several weeks to develop the ability to show a reaction to the TB test\*. Your first test may have been done before your positive reaction developed.

Because of this, it is very important that you have another test 2-3 months after the last time you spent time with the infectious person.

If the result of the second tuberculosis test is negative, it is unlikely that you have TB infection.

Some people with weakened immune systems (those with HIV/AIDS, cancer, diabetes, etc.) may not develop a positive reaction *even if infected*. Let your doctor know if you have any of these conditions.

If the result of the second tuberculosis test is positive, this indicates a recent TB infection. You will be asked to have a chest x-ray to rule out active disease in the lungs. You then have the option of taking treatment for this infection.

Go to your doctor or the clinic for your second test. Remind them that you were around someone sick with TB and you need your second test.

*If you or your doctor have any questions, please ask your public health nurse or call the health department's TB Program at (619) 692-8631 and ask for the Nurse of the Day.*

*You may qualify for Medi-Cal benefits. People with TB infection or TB disease may also qualify for TB-Cal. To find out about your eligibility and to request an information packet and application, please call 1-858-514-6885. Collect calls are accepted.*

Public Health Nurse: \_\_\_\_\_

Phone #: \_\_\_\_\_

*\*TB tests: You may have had a skin test or a blood test to diagnose TB infection.*